# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Biblical Studies
## CBS300 Heroes and Judges

### CBS301 Moses Part 1
**Conrad Jun Tolosa**

### *Panimula*
Ang mga Israelita ay lubos na pinagpala sa Egypt. Makalipas ang maraming taon, nagkaroon na ng hari ang Egypt na hindi na nakakakilala kay Joseph at sa kanyang kabayanihan ng panahon ng taggutom. Bagkos, ay nabahala ang bagong Pharaoh sa dami ng bilang ng mga Hebreo. Kaya inalipin at pinahirapan niya sila sa pagtratrabaho. Subalit, sa kabila nito, hindi pa rin napigilan ang kanilang pagdami at paglakas. Kaya inutos ng hari na ang lahat ng lalaking sanggol na ipapanganak ng mga Hebreo ay kinakailangang patayin at itapon sa ilog.

Hindi na maitago ng asawa ng isang Levite ang kanyang sanggol na lalaki kaya inilagay niya ito sa isang basket at pinalutang ito sa ilog. Masakit man sa kalooban ng magulang na iwan nang kusa ang isang anak kinakailangan niyang tiisin ang hapdi ng ganitong kalagayan sa pag-asa na magkaroon siya ng magandang kinabukasan.

Habang naliligo sa ilog, nakita ng anak ng Paraon ang lumulutang na basket. Nang makita niyang sanggol ang nasa loob ng basket, kinuha niya ito at inangkin na parang kanya. Pinangalanan niya ang sanggol na Moses.

*Laki sa palasyo.* Lumaki si Moses sa palasyo ng anak ng Paraon na umampon sa kanya. Sinasabi sa Acts 7 na si Moses ay aral sa mga Egyptians at lumaki na makapangyarihan sa salita at sa pagkilos. Bagamat nang magka-edad na si Moses napatay niya ang isang Egyptian nang makita niyang hinahagupit nito ang isa niyang kababayan. Samakatuwid, nalaman ni Moses na siya ay ampon at isa siyang Hebreo.

Kinabukasan, nang inaawat niya ang dalawang kababayan na nag-aaway, napag-alaman niya na nasaksihan pala ang ginawa niyang pagpatay sa Egyptian. Tumakas si Moses tungo sa Midian desert.

### Midian Desert
Binalak patayin ng Paraon si Moses dahil sa kanyang ginawang pagpaslang sa isang Egyptian, subalit nakatakas na si Moses at siya ay nagtungo sa lupain ng Midian.

Dumating si Moses sa Midian. Naupo siya sa tabi ng isang balon kung saan ang mga anak na babae ng saserdote ng Midian ay sasalok ng tubig para sa kawan ng kanilang ama. Sa pagkakataong iyon, mayroong dumating na ibang mga pastol at sinimulan nilang itaboy ang mga kababaihan palayo sa balon. Agad sumaklolo si Moses at pagkatapos ay siya na rin ang sumalok ng tubig para sa mga babae.

Nagtaka si Reuel, ang saserdote ng Midian, na ama ng mga babaeng pinagtanggol ni Moses kung bakit napaaga sila ng pag-uwi. *May isang Egyptian na sumaklolo sa amin at tuloy siya na rin ang sumalok ng*

*tubig sa balon at nagpainom sa ating kawan*, ang kuwento nila. *Nasaan siya? Bakit niyo iniwan at hindi man lamang niyayang kumain dito sa atin?* Ang tanong ng ama.

Inimbitahan nga nila si Moses na malugod namang tumanggap ng kanilang paanyaya na nauwi sa pamamalagi ni Moses sa lugar na iyon. Nang maglaon, ibinigay ni Reuel kay Moses ang kanyang anak na si Zipporah upang kanyang maging asawa. Nagkaroon ang mag-asawa ng dalawang anak na lalaki, sina Gershom at Eliezar.

Lumipas ang maraming taon, at namatay na ang hari ng Egypt. Ngunit patuloy pa rin ang pang-aalipin at pagpapahirap sa mga Israelita.

Ang mga Israelita ay sumigaw ng tulong, at ang kanilang sigaw ay umabot sa langit. Narinig ng Diyos ang kanilang hinaing, at isina-alala ng Panginoon ang Kanyang ginawang pakikipagtipan kina Abraham, Isaac at Jacob. Panahon na para Siya kumilos. Panahon na upang tawagin ng Panginoong Diyos si Moses para sa Kanyang gawain.

40 years siyang tumira sa palasyo ng anak ng Paraon hanggang sa siya ay nag-mature na makapangyarihan sa salita at sa gawa. Dahil sa banta sa kanyang buhay, siya ay nagtungo sa Midian at doon sa loob ng another 40 years, si Moses ay nag-pastol ng mga tupa. Ngayon ay handa na niyang harapin ang tawag ng Diyos sa kanyang buhay.

***Burning Bush.***

Isang araw nang si Moses ay nagpapastol, dinala niya ang mga tupa ng kanyang biyenang si Jethro sa kalayuan ng ilang sa Horeb. At ang anghel ng DIYOS ay nagpakita sa kanya bilang isang nagliliyab na palumpong. Pinagmasdan ni Moses ang nagliliyab na halaman upang wariin kung bakit ito ay hindi natutupok.

Nang makita ng Panginoon na nagmamasid si Moses, ito ay Kanyang tinawag mula sa kalagitnaan ng nagliliyab na palumpong – *Moses*, *Moses*. *Narito ako*, ang tugon naman ng lalaki.

*Hubarin mo ang iyong sandalyas sapagkat banal ang iyong kinatatayuan*, ang sabi ng Panginoon. *Ako ang Diyos ng iyong ama – ang Diyos ni Abraham, Isaac at Jacob.*

Sa takot, kinubli ni Moses ang kanyang mukha dahil sa ayaw niyang tumingin sa Diyos. Sinabi ng Panginoon kay Moses na napagmamasdan Niya ang paghihirap ng Kanyang bayan at naririnig Niya ang kanilang daing dahil sa ginagawang pang-aapi sa kanila ng mga Egyptians.

Ihinayag ng Diyos kay Moses na siya ang Kanyang isusugo upang pangunahan ang bansang Israel mula sa pagka-alipin sa Egypt tungo sa lupang masagana.

*Sino ako na haharap sa Paraon at mangunguna sa bayan ng Israel palabas ng Egypt?* Ang tanong ni Moses. *Kasama mo Ako*, ang tugon naman ng Diyos. *At ito ang tanda ng pagkatawag Ko sa iyo: Paglisan Ninyo mula sa Egypt, maglilingkod ka sa Diyos dito sa bundok na ito*.

*Eh, pero kung tanungin nila ako kung sino ang nagsugo sa akin, anong pangalan ang sasabihin ko?* Ang muling tanong ni Moses. *I am who I am, yan ang sabihin mo. Si I am ang nagsugo sa akin*. Ang sagot ng Panginoon.

*Alam ko na hindi basta na lang papayag ang Paraon na palayain kayo hanggang hindi siya nakakasaksi ng kapangyarihan. Kaya babagsak sa kanila ang Aking kamay at sila ay makasasaksi ng iba't ibang uri ng himala.* Ang pagpapatuloy pa ng Diyos.

Nagpatuloy si Moses sa kanyang pag-ilag sa tawag ng Diyos. Marami pa siyang gagawing pagtutol.

**Mga Palusot ni Moses.**

Patuloy sa pag-ilag si Moses, *Eh kung hindi sila maniwala sa akin at sabihin nilang hindi naman nagpakita sa akin ang Diyos?* Naghimala ang Panginoon. Ginawa Niyang ahas ang tungkod ni Moses at namuti ang kamay ng ayaw makinig. Pagkatapos ay binalik Niya sa dati nilang kalagayan.

Humirit pa si Moses, *Pero hindi naman ako mahusay magsalita, hindi noon, hindi ngayon. Nauutal pa nga ako.* Subalit alam natin na sinasabi sa Acts 7 na si Moses ay makapangyarihan sa salita at sa pagkilos.

Subalit, ang hiling ni Moses sa Diyos ay, *Lord, please lang, iba na lang ang ipadala Mo.* Nagalit na ang Lord kay Moses. Sinabi ng Lord na ang kapatid ni Moses na si Aaron ang kanyang magiging tagapag-salita, at nangako ang Lord na sasamahan Niya ang magkapatid sa kanilang gagawing pagsasalita.

Inihanda ng Lord si Moses for 40 years sa palasyo at 40 years sa ilang ng Midian, dahil sa susunod na huling 40 years ng kanyang buhay ay papastulan niya ang buong bayan ng Diyos.

***Multiple Choice:***

1. Bakit ipinag-utos ni Pharaoh na patayin ang mga ipapanganak na lalaking sanggol ng mga Hebreo?
   a. Sapagkat ayaw niyang dumami ang population ng mga lalaking Hebreo.
   b. Sapagkat mas nais niya ang mga babaeng Hebreo bilang alipin kaysa sa mga lalaki.
   c. Sapagkat natatakot siya dahil lalong dumadami at lumalakas ang Hebreo na naninirahan sa kanilang bayan.
   d. All of the above

2. Alin ang tamang statement patungkol sa ina ni Moses?
   a. Mahal niya si Moses kaya gumawa siya ng paraan para maligtas ang kanyang anak mula sa kamatayan dahil hindi na niya ito maitago.
   b. Wala siyang pag-ibig sa kanyang anak sapagkat pinabayaan na lang niya itong magpalutang-lutang sa ilog.
   c. Sa simula lang niya pinakita ang pagmamahal niya sapagkat tinago niya ito ngunit ito'y nagbago kaya pinabayaan na lang niya na lumutang sa ilog ang sanggol sakay sa basket.
   d. None of the above.

3. Alin sa mga sumusunod ang tamang statement?
   a. Ang kalooban ng Diyos ay magaganap kahit anong gawing pigil ng tao na maisakatuparan ito.

b. Itinakda ng Diyos na makita ng prinsesa ang sanggol na si Moses sa oras na naroon siya sa Nile River.
c. Ang Diyos ang nagkaloob ng karunungan sa ina ni Moses upang iligtas sa ganoong paraan ang kanyang sanggol.
d. All of the above.

4. Hindi sinunod ng anak ng Pharaoh ang kanyang ama, sa halip ay kinuha at inangkin niya ang sanggol na si Moses. Anong bagay ang maaari nating matutunan sa bahaging ito ng kwento?
   a. Lahat ng nangyari sa buhay ni Moses ay coincidence.
   b. Hindi applicable sa anak ng Pharaoh ang utos na kanyang ibinigay.
   c. Matigas ang ulo ng anak ng Pharaoh at hindi siya sang-ayon sa utos na binigay ng kanyang ama.
   d. Ang Diyos ang nagbago ng puso at nagkaloob ng compassion sa anak ng Pharaoh upang maisakatuparan ang plano ng Diyos kay Moses.

5. Ang pagkakapatay ni Moses sa Egyptian na nakita niyang nanakit ng isang Israelita ay nagpapakita na:
   a. hindi siya sang ayon sa ginawang pananakit ng Egyptian na ito.
   b. hindi niya na-control ang kanyang temper dahil sa ginawang pananakit ng Egyptian sa kanyang kababayan.
   c. naawa siya sa Israelita na nasaktan.
   d. kaya niyang magpataw ng hustisya sa mga nananakit ng ibang tao kahit Egyptian pa ito.

6. Ano ang naging kalagayan ng mga Israelita sa Egypt maraming taon nakalipas matapos lumisan ni Moses?
   a. Naging mapayapa at progresibo ang kanilang naging kalagayan.
   b. Sila ay muling tinanggap as equal ng mga Egyptians.
   c. Nagpatuloy ang paghihirap at pang-aalipin sa kanila.
   d. Pinalaya na sila ng bagong Pharaoh,

7. Alin ang hindi totoo sa mga sumusunod?
   a. Narinig ng Diyos ang daing ng Kanyang bayang hinirang at ito ay Kanyang tinugon.
   b. Hinanda ng Diyos si Moses upang maging kasangkapan sa Kanyang gagawing pagliligtas sa Kanyang bayan.
   c. Nagbigay ang Diyos ng instructions kay Moses upang isakatuparan ang pagliligtas na Kanyang gagawin.
   d. Naging madali para kay Moses ang sumunod sa pinag-uutos ng Diyos sapagkat siya ay isang Egyptian.

8. Anong characteristic ni Moses ang makikita natin sa kanya noong kanyang sinabi na "*Sino ako na haharap sa Paraon at mangunguna sa bayan ng Israel palabas ng Egypt?*"
   a. Humility sapagkat pinapakita niya na siya ay walang karapatan ng humarap sa isang Pharaoh.
   b. Walang kumpiyansa sa sarili sapagkat sa kanyang palagay siya ay kulang sa kakayahan para humarap sa Pharaoh.
   c. Both A and B.
   d. Wala sa choices.

9. Bakit kinakailangan ng Diyos magpakita ng mga himala kay Moses sa course ng kanilang pag-uusap?
    a. Upang mapaniwala ng Diyos si Moses na Siya ang Diyos ng kanyang mga ninuno.
    b. Upang mapaniwala ni Moses ang mga Israelita na siya ay sinugo ng Diyos upang sila ay iligtas sa pagkaalipin.
    c. Upang mapaniwala ang Pharaoh na siya ay sinugo ng Diyos upang palayain ang mga Israelita.
    d. All of the above.

10. Alin ang tamang statement?
    a. Ang Diyos ay nakatingin sa abilidad at kakayahan ng isang tao upang gawin ang Kanyang plano gaya ni Moses.
    b. Ang Diyos ay laging nariyan upang tayo ay tulungan at gabayan sa anumang gawain na nais Niyang ating gawin.
    c. Hahanap ang Diyos ng ibang tao na magsasakatuparan ng Kanyang plano kung ang taong pinili ay ayaw sumunod o tumatanggi.
    d. All of the above.

© Revised May 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.